

PAGLILINGKOD NA NAGMULA SA PAG-IBIG
Aralin 9 para sa ika-29 ng Agosto, 2026


"Sapagka't sa malaking kapighatian at hapis ng puso ay sinulatan ko kayo na may maraming luha; hindi upang kayo'y palumbayin, kundi upang inyong makilala ang pagibig kong napakasagana sa inyo"
(2 Corinto 2:4)



Sa ating pag-aaral ng ikalawang aklat ni Pablo sa mga taga Corinto, mapapansin natin na masyadong nag-aalala ang apostol sa kalagayan ng iglesia.

Bagaman hindi talaga madali na sumunod sa mga paraan ng Dios sa makasalanang mundo, sa unang siglo ang pag-aangkin na isang Kristyano ay pwedeng magdulot ng seryosong hirap.

Inihanda ni Pablo ang iglesia upang humarap sa mga kahirapang ito, sa loob at labas, at tinuruan silang magkaroon ng kapulungang binubuklod ng hindi makasariling pag-ibig. Mula sa payong ito matututunan natin na maging "samyong mula sa kabuhayan sa ikabubuhay" (2 Cor. 2:16).





- Kaaliwan ng Dios sa pagdurusa
- Kabanalan at katapatan sa paglilingkod
- Upang kumilos ng matalino
- Kapatawaran at pagsasauli
- Ang samyo ni Kristo

# ANG KAALIWAN NG DIOS SA PAGDURUSA

"Na siyang umaaliw sa atin sa lahat ng kapighatian, upang ating maaliw ang nangasa anomang kapighatian, sa pamamagitan ng pagaliw na inialiw din sa atin ng Dios." (2 Corinto 1:4)

Ang ikalawang Corinto ay liham ni Pablo kung saan binanggit nya ng mainam ang tungkol sa kaaliwan. Dumaraan sa mahirap na panahon ang iglesia, at ang dating sulat ni Pablo ay naglugmok sa kanila sa pagkalungkot.

Ngunit at lungkot na iyon ay "makadios," nagdadala sa pagsisisi (2 Cor. 7:10). Kaya ayaw ni Pablo na masobrahan sila ng pagdurusa, sa halip ay maaliw sila.



Siya mismo ay dumaan sa panahong nanganib ang kanyang buhay at siya ay nadismaya (2 Cor. 1:8-10). Ngunit inaliw sya ng Dios, at ngayon ay ipinapasa nya ang kaaliwang iyon sa iglesia (2 Cor. 1:6).

## Ang kaaliwan ng Dios

- Pinapalaya tayo nito sa takot
- Pinapaalala nito ang mga panahon na tinulungan Niya tayo
- Tinutulungan nito tayo na makatiis sa mga kahirapan
- Nagdadala ito sa ating lumago sa espiritwal
- Pinapasigla tayo nito na mamagitan para sa iba
- Inaaliw natin ang bawat isa gaya ng pag-aliw sa atin ng Dios

# KABANALAN AT KATAPATAN SA PAGLILINGKOD

"Sapagka't ang aming pagmamapuri ay ito, ang pagpapatotoo ng aming budhi, ayon sa kabanalan at pagtatapat sa Dios, hindi ayon sa karunungan ng laman, kundi sa biyaya ng Dios, na kami'y nagugali ng gayon sa sanglibutan at lalong sagana pa nga sa inyo" (2 Corinto 1:12)


Minamaliit ng ilang mga tao si Pablo, inaakusahan syang mahina at salawahan (2 Cor. 10:10). Dahil dito, at upang tanggapin ang kanyang payo, kailangang ipagtanggol ng apostol ang kanyang sarili laban sa mga akusasyong ito.

Bilang tao, itinuturing nya ang sarili na hindi mahalaga (Efe. 3:8). Ngunit, sa biyaya ng Dios, maaari syang magmalaki sa pagkakaroon ng malinaw na konsensya (2 Cor. 1:12).





Masasabi nya at ng mga kasama nya na siya ay banal at tapat [dalisay], sa iglesia at sa labas nito.



Dahil dito, walang mga lihim na layunin ang mga sulat ni Pablo. Inasahan nya na mabasa at maunawaan ang kanyang mga liham sa konteksto ng kabanalan at katapatan—iyon ay, isinulat dahil sa pag-ibig nya sa kanila at sa paghaha-ngad ng kabutihan nila (2 Cor. 1:13-14).

# KUMILOS NG MATALINO

"Datapuwa't ang Dios ang tinatawag kong maging saksi sa aking kaluluwa, na upang huwag kayong papagdamdamin ay hindi muna ako napariyan sa Corinto" (2 Corinto 1:23)



Sa una nyang liham, sinabi ni Pablo sa mga taga Corinto ang ruta na plano nyang daanan (1 Cor. 16:5-11):

Efeso → Macedonia → Corinto → Judea

Sa ikalawang sulat (nawala, 2 Cor. 7:8) sinabi nya sa kanila na dalawang beses nya silang dadalawin (2 Cor. 1:15-16):

Efeso → Corinto → Macedonia → Corinto → Judea

Gayunpaman, binago nya ang kanyang mga plano at nagpasyang huwag pumunta sa unang pagdalaw (2 Cor. 1:23). Ang pagbabagong ito ang nag-udyok sa iba na kutyain sya sa pagiging pabago-bago. Bakit nagbago ang kanyang isip?

Mukhang kailangan ng presensya ni Pablo sa Corinto dahil sa problema doon. Ngunit ang haharapin nyang oposisyon ay pagkompronta sa iniiwasan sana nya, dahil sa dakilang pag-ibig na meron sya para sa kanila (2 Cor. 2:1-4).




# KAPATAWARAN AT PAGSASAULI

"Datapuwa't ang inyong pinatatawad ng anoman ay pinatatawad ko rin naman: sapagka't ang aking ipinatawad naman, kung ako'y nagpapatawad ng anoman, ay dahil sa inyo, sa harapan ni Cristo" (2 Corinto 2:10)

Habang papunta si Pablo sa Troas, pumunta si Tito sa Corinto. Mula sa Troas, pumunta si Pablo sa Macedonia. Ngunit namroblema sya na mainam dahil hindi sila nagkita ni Tito sa Troas upang balitaan sya tungkol sa iglesia sa Corinto (2 Cor. 2:12-13).





Pagkatapon nun, nagkita na sa huli sina Tito at Pablo sa Macedonia. Sinabi nya kung paano tumanggap ng positibo ang iglesia sa mga payo ng apostol (2 Cor. 7:5-9, 13-16).



Isa sa mga isyu na dapat nilang ayusin ay ang pagdidisiplina sa iglesia. Sa pagsunod sa apostol, ang nakasakit ay sinaway, at tinanggap nila ang pagsaway. Ngayon, hiniling ni Pablo sa kanila na gawin ang susunod na hakbang: pagpapatawad at pagsasauli (2 Cor. 2:5-11).

# ANG SAMYO NI KRISTO

"Sapagka't sa mga inililigtas, at sa mga napapahamak ay masarap tayong samyo ni Cristo sa Dios" (2 Corinto 2:15)



Sa pagpuna kung gaano ang Dios "nagbukas ng pinto" upang matagumpay na maipangaral ang ebanghelyo sa Troas, napahiyaw si Pablo ng papuri at pagtatagumpay: "Datapuwa't salamat sa Dios, na laging pinapagtatagumpay tayo kay Cristo, at sa pamamagitan natin ay ipinahahayag ang samyo ng pagkakilala sa kaniya sa bawa't dako" (2 Cor. 2:14).

Gaya ng lumalaganap na bango, ang kaalaman ni Kristo ay umaabot sa bawat kaluluwa. Sa mga taga-Corinto, ganun din sa atin, ang samyo na ito ay pangwalanghanggang buhay. Gayunpaman, sa mga tumanggi sa panawagan, amoy ito ng kamatayan (2 Cor. 2:15-16).





Nakatuon sa reponsibilidad na kabilang dito, ipinaliwanag ni Pablo na ang mga mensahe ay dapat maibigay ng tapat, na hindi naghahanap ng personal na kita, kundi ang kaligtasan ng mga nakikinig (2 Cor. 2:17).

**“Itong tapat na mensahero ay nagdala ng masayang balita na may magandang pagbabago sa mga mananampalataya ng Corinto. Marami ang tumanggap ng mga payo ni Pablo sa kanyang mga sulat at nagsisi sa kanilang mga kasalanan. Ang buhay nila ay hindi na kahihiyan sa Kristyanismo, ngunit nagdala ng makapangyarihang impluwensa na pabor sa praktikal na kabutihan. [...]**

**Ang pagsisising iyon na bunga ng impluwensya ng banal na biyaya sa puso ay nagdadala sa pagpapahayag at pagtatakwil ng kasalanan. Iyon ang mga bunga na sinabi ng apostol na nakita sa mga buhay ng mga mananampalataya sa Corinto.**

**EGW (The Acts of the Apostles, pp. 324)**